Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-58 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 42-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGTATAKDA NG PAGBIBIGAY NG *ALLOWANCE* SA MGA PANGULO NG MGA *PERSON-WITH-DISABILITY (PWD)* NG BAWAT BARANGAY AT PAGSASAMA NITO SA TAUNANG PAGLALAAN NG BAWAT PAMAHALAANG BARANGAY SA LUNGSOD NG MALOLOS.**

**AKDA NI: KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE**
**KAMAY-AKDA SINA KGG. VICTORINO M. ALDABA III,**
**KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
**AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** ayon sa Kabanata I, Seksyon 17.b.2.iv ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, ang Estado ay mayroong tungkulin at responsibilidad na magbigay ng mahusay at epektibong pagbibigay ng pangunahing serbisyo para sa kapakanan ng mga matatanda at ng mga taong may kapansanan;

**SAPAGKAT,** ang Estado ay kinikilala ang natural at pangunahing karapatan ng magulang sa pagpapalaki ng mga anak para sa mabisang kakayahang pangsibiko at pagpapaunlad ng pag-uugali, alinsunod sa Artikulo II, Seksiyon XII ng Saligang Batas ng 1987;

**SAPAGKAT,** ang Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay kinikilala ng buong taas ang kalagayan ng mga kababayan nating *Person-With-Disability (PWD);*

**SAPAGKAT,** ayon sa talaan ng *City Social Welfare and Development Office (CSWDO)*, nasa 3,780 na ang bilang ng mga *PWDs* sa Lungsod ng Malolos noong 2022;

**SAPAGKAT,** ang pamahalaang lokal ay nagsasagawa ng mga pamamaraan upang masiguro na ang pangangailangan ng mga PWDs ay mabilis at mabisang matutugunan alinsunod din sa Batas Republika Blg. 7277 o ang "*Magna Carta for Disabled Person*";

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT, IPINAGTIBAY** na may bisa ng batas ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa ginanap na pagpupulong nito at marapat na ipatupad ng buong kahusayan at katapatan ang mga sumusunod:

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SEKSYON 1. – PAMAGAT** - Ang Kautusang ito ay makikilala sa taguring ***"ALLOWANCE FOR BARANGAY PERSON-WITH-DISABILITY (PWD) PRESIDENT IN THE CITY OF MALOLOS ORDINANCE"***.

**SEKSYON 2. - PAGPAPAHAYAG NG KARAPATAN** - Pangunahing layunin ng Pamahalaan na paglingkuran ang mamamayan nito. Isusulong nito ang mga pamilya bilang pundasyon ng bansa. Pagsisikapan na gamitin, matulungan at suportahan ang kabuuang pag-unlad ng *Persons-With-Disability (PWD)* sa pamamagitan ng mga polisiya at programa upang guminhawa ang pasanin ng mga walang kakayahang kasapi nito sa ating lipunan.

**SEKSYON 3. - SAKLAW, LAYUNIN AT AHENSIYANG MAGPAPATUPAD** – Alinsunod sa Batas Republika Blg. 7277 o mas kilala sa taguring *"Magna Carta for Disabled Persons"*, ang Kautusang ito ay naglalayon na magbigay ng mga benepisyo at pribilehiyo sa lahat ng Pangulo ng *Persons-with-Disability (PWD)* sa bawat barangay at makapagbigay ng serbisyo para sa kapakanan ng mga *PWD*.

Ang *City Social Welfare and Development Office (CSWDO)* ang siyang magpapatupad at magbibigay ng angkop na pagkakakilanlan (*identification cards*) sa lahat ng mga Persons-with-Disability na naninirahan sa Lungsod ng Malolos na maghahain ng kahilingan sa kanilang tanggapan.

**SEKSYON 4. - KAHULUGAN NG MGA TERMINO** - Ang mga sumusunod na termino ay nangangahulugang:

1. ***Kapansanan*** - ito ay nangangahulugang (1) isang pisikal na kapansanan na malaki ang limitasyon sa isa o higit pang sikolohikal, pisyolohikal o anatomikal na tungkulin ng isang indibidwal o mga gawain ng naturang indibidwal; (2) isang talaan ng gayong kapansanan; o (3) na itinuturing na may gayong kapansanan;
2. ***Person-with-Disability (PWD)*** - ito ay ang mga taong nagdurusa mula sa paghihigpit ng iba't ibang mga kakayahan, bilang isang resulta ng isang mental, pisikal o pandama kapansanan, sa pagsasagawa ng isang aktibidad sa paraan o sa loob ng saklaw itinuturing na normal para sa isang tao.

**SEKSYON 5. - PAGLALAAN NG PONDO** - Ang pondong kinakailangan para sa Kautusang ito ay ibibilang sa taunang paglalaan ng mga ***Pamahalaang Barangay*** sa Lungsod ng Malolos. Ang mga Pangulo ng *Persons-With-Disability (PWD)* ng bawat barangay sa Lungsod ay makakatanggap ng Limandaang Piso (₱500.00) kada-buwan bilang kanilang *allowance* na kukuhanin sa *General Fund* ng Pamahalaang Barangay bilang *"Aid to Person-with-Disability (PWD)"* bukod sa kanilang budget na isinasaad ng Kautusang Panlungsod Blg. 50-2018 o mas kilala sa taguring *"Rules of Procedure in Disbursing the Senior Citizen and Person with Disabilities' (PWD) Share in the Barangay General Fund"*.

**SEKSYON 6. - MGA TUNTUNIN AT ALITUNTUNING TAGAPAGPATUPAD (*IMPLEMENTING RULES AND REGULATIONS*)** - Ang *City Social Welfare and Development Office* at ang *City Legal Office* ang magbabalangkas ng mga tuntunin at alituntuning tagapagpatupad o *Implementing Rules and Regulations* sa loob ng animnapung araw *(60 days)* matapos mapagtibay ang Kautusang ito.

**SEKSYON 7. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** - Ang anumang Kautusang Panlungsod na umiiral at ipinatutupad na sumasalungat o di-sumasang-ayon sa Kautusang ito ay ganap na pinawawalang-saysay.

**SEKSYON 8. - TADHANAIN NG PAGHIHIWALAY** - Kung sa anumang kadahilanan, alinmang seksyon ng ordinansang ito na maideklarang labag sa konstitusyon o di-wasto, ang bisa ng iba pang mga probisyon ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy na may ganap na bisa.

**SEKSYON 9. - KABISAAN** - Ang Kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS [illegible] SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. [illegible]
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. JOHN VI[illegible] VITUG III<br>KASANGGUNI | KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO<br>KASANGGUNI |

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
Pang. Punong Lungsod – Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
SEP 05 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*08222023